Newsletter para sa customer ng Light Reading mula sa Seattle City Light
Nobyembre-Disyembre 2016

MASAYA, MALIWANAG AT MAKAKALIKASAN

Nae-enjoy natin ang maliliwanag na ilaw ng mga taunang tradisyon ng Seattle tuwing holiday season. Narito ang ilang paraan upang ma-enjoy ang isang winter na magarbo at matipid sa kuryente:

Ang WinterFest sa Seattle Center ay gumagamit ng mga awtomatikong kontrol para sa kanilang decorative LED lighting. Nakakatipid ito ng sapat na enerhiya upang makapagbigay ng kuryente sa 14 na bahay sa Seattle para sa isang buong taon. Makakatipid ka ng enerhiya sa paggamit ng advanced power-strip upang ganap na i-off ang iyong electronics kapag hindi ginagamit ang mga ito. Ang 12 porsyento ng iyong bill ay nagmumula sa paggamit ng electronics.

Ang WildLights sa Woodland Park Zoo ay nakakatipid ng enerhiya sa paggamit ng mahigit 600,000 LED light. Magagawa mo rin ito sa pamamagitan ng paglipat sa LED holiday string-lighting. Matipid sa kuryente, pangmatagalan at ligtas ang mga ito. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.seattle.gov/lightbulbs.

MGA PAGKAIN SA HOLIDAY

Ang mga paraan ng pagluluto na gumagamit ng kaunting kuryente, tulad ng mga Crock-Pot, ay nagpapasarap ng mga pagkain at matipid sa kuryente. Tingnan ang www.seattle.gov/light/recipe para sa mga recipe na gumagamit ng kaunting enerhiya.

MGA DISKWENTO SA MGA SINGILIN SA UTILITY

Makakapag-sign ang mga customer na kwalipikado para sa Utility Discount Program (Programa ng Diskwento sa Utility) para sa 60 porsyentong diskwento sa serbisyo ng kuryente at 50 porsyento para sa tubig, poso negro at basura. Tingnan ang lahat ng detalye sa www.seattle.gov/light/assistance.

PAGTULONG SA IBA

Magbigay ng donasyon sa Project Share at biyayaan ng kuryente ang mga taong nagigipit sa pagbabayad ng singil sa kuryente. Tumawag sa (206) 684-3000 o gamitin ang aming online form sa www.seattle.gov/light/ProjectShare.

MAGPAINIT SA WINTER

Hindi lahat ay makakapagpalagay ng bago at mas mainam na heating system, ngunit narito ang mga paraan kung paano makakapagtipid ng enerhiya ang sinuman:

- Kung may mga baseboard heater o wall heater ka, painitin lang ang kwarto kung nasaan ka. At palaging tiyakin na nakakaikot nang maayos ang hangin sa pagitan ng heater at mga furnishing para sa kaligtasan at mahusay na paggamit.
- Mas makakatipid kung gagamit ng electric mattress pad o blanket kaysa painitin ang inyong buong bedroom.
- Magsuot ng makakapal na damit kaysa lakasan ang iyong thermostat.

IMPORMASYON SA PAGKAWALA NG KURYENTE

Nagsisikap ang City Light upang makapagbigay ng maaasahang kuryente, ngunit maaari kang mawalan ng kuryente paminsan-minsan. Narito ang ilang ideya upang makatulong sa pamamahala kapag nawalan ng kuryente:

- Tingnan ang aming outage map para sa mga update: www.seattle.gov/light/sysstat
- I-follow kami sa Twitter: www.twitter.com/SEACityLight.
- Bisitahin ang website na www.TakeWinterByStorm.org para sa impormasyon kung paano maghahanda kapag nawalan ng kuryente at nagkaroon ng emergency.

TIP PARA SA KALIGTASAN SA PANAHON NG KALAMIDAD

"Kung gumagamit ka ng generator, huwag itong gamitin sa indoor, kabilang ang iyong garahe, carport, basement o ano pa mang lugar na naka-enclose. Palagi itong ilagay sa labas kung saan tuyo at nakakaikot ang hangin. At tiyaking maglagay ng mga carbon monoxide detector sa iyong tahanan."

-Christopher Posten, Seattle City Light

ANG CITY LIGHT SA PAGLILINGKOD

Ang mga crew ay nasa komunidad at nagtatrabaho upang makapagbigay ng maaasahang serbisyo. Mahahanap mo ang aming mga proyekto sa pagpapatayo sa mapang ito: www.seattle.gov/light/atwork.

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Seattle City Light
700 Fifth Avenue
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light
Mayroon ka bang mga tanong, komento o suhestyon? Tumawag sa (206) 684-3000